# Ang Ebanghelyo ni Jesucristo





## ANO ANG EBANGHELYO NI JESUCRISTO?

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ang plano ng Ama sa Langit para sa kaligayahan at kaligtasan* ng Kanyang mga anak. Tinatawag itong ebanghelyo ni Jesucristo dahil ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang sentro sa plano ng Ama sa Langit. Sang-ayon sa Kanyang plano, isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo sa mundo para ipakita sa atin kung paano mamuhay nang maayos at maligaya at makadama ng walang-hanggang kagalakan pagkatapos ng buhay na ito. Sa pamamagitan ng biyaya at awa ni Jesucristo, maaari kayong maging malinis mula sa kasalanan at magkaroon ng payapang konsiyensya. Maaaring maging karapat-dapat kayo para makapiling ang Ama sa Langit pagkamatay ninyo.

Para matanggap ang kapayapaan at kalakasang ito, kailangan ninyong malaman at sundin ang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Ang alituntunin ay isang katotohanang maaaring ipamuhay; ang ordenansa ay sagrado at pormal na pagkilos na isinasagawa ng awtoridad ng priesthood at kadalasan ay paraan ng pakikipagtipan sa Ama sa Langit. Ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi. Ang mga unang ordenansa ng ebanghelyo ay pagbibinyag at pagtanggap ng Espiritu Santo.

*Maipamumuhay ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng:*

- *Pagsampalataya kay Jesucristo.*
- *Pagsisisi.*
- *Pagpapabinyag at pagtanggap ng Espiritu Santo.*
- *Pagtitiis hanggang wakas.*

Matapos ninyong malaman at sundin ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo, gugustuhin ninyong sundin ang halimbawa ni Cristo habambuhay. Ang patuloy na katapatang ito ay tinatawag na "pagtitiis hanggang wakas."

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang sentro ng Kanyang ebanghelyo.***

## PANANAMPALATAYA KAY JESUCRISTO

Ang pananampalataya ay matibay na paniniwalang nag-uudyok sa isang tao para kumilos. Ang pananampalatayang nagbubunga ng kapatawaran ng mga kasalanan ay nakasentro kay Jesucristo, na Siyang Nagbayad-sala para magkaroon ng kapatawaran. Ang pananampalataya kay Jesucristo ay hindi lamang basta paniniwala sa Kanya. Ito ay paniniwala na Siya ang Anak ng Diyos at nagdusa Siya para sa inyong mga kasalanan, dalamhati, at kahinaan. Ito ay pagkilos ayon sa paniniwalang iyon. Ang pananampalataya kay Jesucristo ang aakay sa inyo para mahalin Siya, magtiwala sa Kanya, at sundin ang Kanyang mga utos.

> *"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: "Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas."*
>
> **Mga Kawikaan 3:5–6**

## PAGSISISI

Ang pananampalataya kay Jesucristo ang aakay sa inyo para pagbutihin pa ang inyong buhay. Sa pag-aaral ninyo ng ebanghelyo, malalaman ninyo na nagkasala kayo, o hindi sumunod sa kalooban at mga turo ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagsisisi, binabago ninyo ang mga kaisipan, hangarin, gawi, at kilos na hindi naaayon sa mga turo ng Diyos. Nangangako Siya na kapag nagsisi kayo, patatawarin Niya ang inyong mga kasalanan. Kapag kayo ay nagsisisi:

**Inaamin** ninyo na nagkasala kayo at taos-pusong nalulungkot sa inyong nagawa.

**Itinitigil** na ninyo ang maling gawain, at sinisikap na hindi na ito ulitin kailanman.

**Ipinagtatapat** ninyo sa Panginoon ang inyong mga kasalanan at humihingi ng tawad. Dahil dito ang mabigat na pasanin ay gumagaan. Kung nagkasala kayo sa ibang tao, humihingi rin kayo ng tawad sa taong iyon.

***Pananampalataya kay Jesucristo ang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo.***





**Isasauli ang nawala.** Gagawin ninyo ang lahat para malutas ang mga problemang dulot ng inyong ginawa.

**Susundin ninyo ang mga utos.** Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay naghahatid ng kapangyarihan ng ebanghelyo sa inyong buhay. Bibigyang lakas kayo ng ebanghelyo para talikuran ang inyong mga kasalanan. Ang pagsunod sa mga utos ay kinabibilangan ng paglilingkod, pagpapatawad sa iba, at pagdalo sa mga miting ng Simbahan.

**Kikilalanin ninyo ang Tagapagligtas.** Ang pinakamahalagang bahagi ng pagsisisi ay ang pagkaalam na dumarating ang kapatawaran dahil kay Jesucristo. May mga pagkakataon sigurong nadama na ninyo na hindi pinatatawad ng Diyos ang mabibigat na kasalanan. Pero nagdusa ang Tagapagligtas para sa ating mga kasalanan para makalimutan na ang mga iyon, pati na ang mabibigat na kasalanan. Ang bunga ng tunay na pagsisisi ay kapatawaran, kapayapaan, aliw, at kaligayahan.

*Lahat tayo'y nagkakamali. Kung minsan sinasaktan natin ang ating sarili at lubhang nasasaktan ang iba sa mga paraang hindi natin kayang lunasang mag-isa. Sinisira natin ang mga bagay na hindi natin kayang ayusing mag-isa. Pagkatapos ay nababagabag ang ating konsiyensiya, nahihiya, at nagdurusa, at hindi natin ito kayang lunasang mag-isa. Ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na magpagaling ang makapagbibigay-lunas sa hindi natin kayang lunasan.*

Hindi palaging malaking pagbabago ang ibig sabihin ng pagsisisi. Madalas ay kailangan lang ng dagdag na katapatan na mamuhay nang naaayon sa kalooban ng Diyos. Ang tunay na pagsisisi ay hindi laging nangyayari kaagad; maging matiyaga sa pagsisikap ninyong gawin ang tama at iwasto ang mga nagagawa ninyong pagkakamali. Kapag nagsisi kayo, makadarama kayo ng pagbabago ng puso. Hindi na ninyo gugustuhin pang magkasala. Malalaman ninyo na kayo ay anak ng Diyos at hindi na ninyo kailangang ulit-ulitin pa ang mga pagkakamali ninyo. Lalong titindi at lalalim ang hangarin ninyong sundin ang Diyos.

## Binyag at ang Espiritu Santo

Ang pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi ay naghahanda sa inyo para sa binyag at pagtanggap ng Espiritu Santo. Itinuro ni Jesucristo na lahat ay kailangang mabinyagan ng tubig at ng Espiritu (ang Espiritu Santo) para sa kapatawaran, o ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng binyag na isasagawa ng isang maytaglay ng awtoridad ng priesthood at sa pagtanggap ng Espiritu Santo, kayo ay espirituwal na isisilang muli.

### Bakit Kailangan Akong Mabinyagan?

Ipinakita sa atin ni Jesucristo ang halimbawa sa pamamagitan ng pagpapabinyag para "[ma]ganap ang buong katuwiran" (Mateo 3:15). Kapag nabinyagan kayo, tumatanggap kayo ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan (Mga Gawa 2:38). Nakikipagtipan kayo, o nangangako, sa Diyos: na tatanggapin ninyo si Jesucristo bilang inyong Tagapagligtas, susundin Siya, at tutuparin ang Kanyang mga utos. Kung gagawin ninyo ang inyong bahagi, nangangako ang Ama sa Langit na patatawarin ang inyong mga kasalanan. Kapag nabinyagan kayo ng wastong awtoridad, mahuhugasan ang inyong mga kasalanan.

> *"Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios."*
>
> **Juan 3:5**

Ang binyag ay sandaling paglulubog sa tubig. Sa ganitong paraan nabinyagan si Jesucristo. Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog ay sagradong simbolo ng kamatayan, libing, at Pagkabuhay na Muli ni Jesucristo; sagisag ito ng pagwawakas ng dating buhay ninyo at pagsisimula ng bagong buhay bilang alagad ni Jesucristo.

### Bakit Kailangan Kong Matanggap ang Espiritu Santo?

Kahit na nahuhugasan ng binyag ang inyong mga kasalanan, ang Espiritu Santo pa rin ang nagpapabanal, o nagpapadalisay, sa inyo. Kung palagi kayong tapat sa mga tipan ninyo sa binyag,

***Si Juan Bautista ang nagbinyag kay Jesucristo.***



mapapasasainyo lagi ang Espiritu Santo. Madarama ng lahat ng mabubuting tao ang impluwensya ng Espiritu Santo, pero ang mga nabinyagan at tumanggap lang ng Espiritu Santo ang may karapatan sa Kanyang palagiang pagsubaybay habambuhay.

Ang Espiritu Santo ang tumutulong sa inyo para makilala at maunawaan ang katotohanan. Nagbibigay Siya ng espirituwal na lakas at inspirasyon. Inaaliw Niya kayo sa mga oras ng kahirapan at pinapatnubayan kayo sa paggawa ng mga desisyon. Madarama ninyo ang pagmamahal at impluwensya ng Diyos sa araw-araw ninyong buhay sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

*Matuturuan at magagabayan kayo ng Espiritu Santo. "Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi."*

**Juan 14:26**

Mapapasainyo ang banal na regalong ito ayon sa pagsunod ninyo sa mga utos ng Diyos. Hindi mananatili ang Espiritu Santo sa mga taong hindi namumuhay nang naaayon sa mga turo ng Diyos. Nawawala sa kanila ang pribilehiyo na magabayan Niya at mabigyan ng inspirasyon. Laging sikaping maging karapat-dapat sa pagsama at pagpatnubay ng Espiritu Santo.

Tinatanggap ninyo ang Espiritu Santo pagkatapos ng binyag. Sa ordenansang tinatawag na kumpirmasyon, isa o mas marami pang awtorisadong maytaglay ng priesthood ang nagpapatong ng kanilang mga kamay sa inyong ulo. Kinukumpirma nila kayong miyembro ng Simbahan at binabasbasan kayo para matanggap ang Espiritu Santo. Ang ordenansang ito ay karaniwang ginaganap sa isang serbisyo sa simbahan pagkatapos kaagad ng binyag. Kapag kayo ay nabinyagan at nakumpirma, nagiging miyembro kayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Ipinagkakaloob ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa ulo.***





## Ang Sakrament

Matapos kayong binyagan, mapapanibago ninyo ang inyong mga tipan sa binyag linggu-linggo sa pakikibahagi ng sakrament. Sa oras ng sakrament, binabasbasan ang tinapay at tubig at ipinapasa sa kongregasyon bilang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang tinapay ay sagisag ng Kanyang katawan, at ang tubig ay sagisag ng Kanyang dugo. Kung magpapanibago kayo ng inyong mga tipan sa binyag, pinangangakuan kayo na mapapasainyo lagi ang Espiritu, o ang Espiritu Santo.

*Nakakatulong ang sakrament para maalala ninyo nang may pasasalamat ang buhay, ministeryo, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.*

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Nakakatulong ang sakrament para maalala natin si Jesucristo.***

## Pagtitiis Hanggang Wakas

Nagiging miyembro kayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, at sa mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon. Matapos kayong maging miyembro ng Simbahan, patuloy na lalago ang inyong pang-unawa. Patuloy kayong sasampalataya kay Jesucristo, magsisisi, magpapanibago ng inyong mga tipan sa binyag sa pamamagitan ng pakikibahagi ng sakrament, at susundin ang patnubay ng Espiritu Santo. Ang mga unang alituntunin at ordenansang ito ng ebanghelyo ay mga halimbawang susundin habambuhay. Kadalasan ang panghabambuhay na pangakong ito ay tinatawag na "pagtitiis hanggang wakas."

Ang pagtitiis hanggang wakas ay naghahatid ng patnubay, kapayapaan, at kaligayahan sa buhay. Madarama ninyo ang kaligayahan ng pagsisikap na maging higit na katulad ni Jesucristo sa paglilingkod at pagtulong ninyo sa mga nakapaligid sa inyo. Mas mauunawaan ninyo ang kaugnayan ninyo sa Ama sa Langit at madarama ang lubos Niyang pagmamahal sa inyo. Madarama ninyo ang pag-asa at layunin sa kadalasa'y malungkot at magulong mundo.

*Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang paraan ng pamumuhay. "Kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."*

**2 Nephi 31:20**



## Paano Ko Malalaman?

Ibinalik ang ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag ng Diyos kay Propetang Joseph Smith at sa ibang mga propeta.

Malalaman ninyo mismo na totoo ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagdarasal sa Ama sa Langit. Sasagutin Niya kayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na tinatawag ding Espiritu ng Diyos. Sumasaksi, o nagpapatotoo, ang Espiritu Santo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Pinagtitibay ng Espiritu Santo ang katotohanan sa pamamagitan ng damdamin, kaisipan, at impresyon. Ang damdaming nagmumula sa Espiritu Santo ay makapangyarihan, ngunit karaniwa'y banayad at marahan. Tulad ng turo sa Biblia, "Ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil" (Mga Taga Galacia 5:22–23).

*Paano Ako Magdarasal?*

- *Bigkasin ang pangalan ng inyong Ama sa Langit.*
- *Ipahayag ang nadarama ng inyong puso (pasasalamat, mga tanong, kahilingan na pagtibayin ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at ang naituro ng mga misyonero).*
- *Magwakas ("Sa pangalan ni Jesucristo, amen").*

Ang mga damdaming ito ay patunay mula sa Espiritu Santo na totoo ang mensaheng ito. Sa ganitong paraan kailangan kayong pumili kung mamumuhay kayo ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo alinsunod sa pagkakapanumbalik nito sa pamamagitan ni Joseph Smith.

***Malalaman ninyo ang katotohanan sa pamamagitan ng taimtim na panalangin.***

## Listahan ng mga Kataga

**Pagbabayad-sala** Ang pangyayari na nagbigay-daan para makipagkasundo tayo sa Diyos. Ang ibig sabihin ng magbayad-sala ay pagdusahan ang parusa sa kasalanan, at sa gayo'y mapapawi ang mga epekto nito sa mga makasalanan na nagsisisi. Si Jesucristo lamang ang kaisa-isang makakagawa ng lubos na Pagbabayad-sala para sa buong sangkatauhan. Kasama sa Kanyang Pagbabayad-sala ang Kanyang pagdurusa para sa ating mga kasalanan, pagbubuhos ng Kanyang dugo, at Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Muli. Dahil sa Pagbabayad-sala, lahat ng nabuhay ay mabubuhay na muli. Maaari din tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at makapiling ang Diyos magpakailanman dahil sa Pagbabayad-sala.

**Binyag** Mahalagang hakbang sa pagtanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon ng awtoridad ng priesthood, nagiging miyembro tayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang binyag ay sa pamamagitan ng paglulubog, na ibig sabihin ay sandaling ilulubog sa tubig ang taong bibinyagan. Ang binyag ay nagpapakita ng ating kahandaang sundin ang halimbawa ni Cristo at magkipagtipan sa Diyos.

**Kumpirmasyon** Ang paraan para matanggap ng isang tao ang Espiritu Santo. Sa ordenansang ito, na karaniwang isinasagawa sa sakrament miting pagkatapos ng binyag, ang tao ay kinukumpirma, o ginagawang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**Tipan** Isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak. Ang Diyos ang nagbibigay ng mga kundisyon sa tipan, at pumapayag tayong sundin Siya. Nangangako ang Diyos ng ilang mga pagpapala sa ating pagsunod.

**Biyaya** Tulong at kalakasang mula sa langit na ibinibigay dahil sa awa at pagmamahal ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, na naging posible dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, mabubuhay na muli ang buong sangkatauhan. Dahil sa Kanyang biyaya, ang mga taong patuloy na nagsisisi at namumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo ay madarama na napapalapit siya sa Ama sa Langit sa buhay na ito at makakapiling Siya pagkatapos ng buhay na ito.

**Ordenansa** Isang sagrado at pormal na pagkilos ng awtoridad ng priesthood. Kasama sa mga halimbawa ang binyag, pagtanggap ng Espiritu Santo, at ang sakrament. Kadalasan ang mga ordenansa ay paraan ng pakikipagtipan sa Diyos.

**Sakrament** Isang ordenansa na nagpapaalala sa mga miyembro ng Simbahan tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng pakikibahagi ng sakrament, pinaninibago natin ang mga tipang ginawa natin sa binyag. Ang tinapay at tubig ay binabasbasan at ipinamamahagi sa kongregasyon. Ang tinapay ay sagisag ng Kanyang katawan, at ang tubig ay sagisag ng Kanyang dugo. Ang ordenansang ito ay ginaganap linggu-linggo sa pagsambang tinatawag na sakrament miting.

**Kaligtasan** Pagkaligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ang kaligtasan ay naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Muli ni Jesucristo, madadaig ng lahat ang mga epekto ng kamatayan. Maliligtas din tayo mula sa mga epekto ng kasalanan sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalatayang ito ay makikita sa habambuhay na pagsisisi at pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo at paglilingkod kay Cristo.

## Dagdag na Pag-aaral

Ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay makakatulong sa inyo para madagdagan ang inyong kaalaman tungkol sa mga alituntunin na nasa polyetong ito at mapag-isipan ang mga ito. Hindi kasama sa listahang ito ang lahat; ituturo kayo ng mga talababa at reperensya sa mga banal na kasulatan sa mga karagdagang talata at sanggunian.

**Ano ang ebanghelyo ni Jesucristo?**
3 Nephi 27:13–22 (Aklat ni Mormon, mga pahina 669–70)

**Ano ang ibig sabihin ng manampalataya?**
**Paano kayo mapalalakas ng pananampalataya?**
Mga Taga Hebreo 11:1, 6 (Biblia, Bagong Tipan)
Alma 32:21, 26–28 (Aklat ni Mormon, mga pahina 421–22)
Eter 12:6 (Aklat ni Mormon, pahina 742)

**Ano ang ibig sabihin ng magsisi?**
**Bakit kailangang magsisi ang lahat?**
Lucas 15:3–10 (Biblia, Bagong Tipan)
Ang Mga Gawa 3:19 (Biblia, Bagong Tipan)
Alma 12:33–34 (Aklat ni Mormon, pahina 347)

**Bakit kailangang mabinyagan ang lahat?**
Ang Mga Gawa 2:38 (Biblia, Bagong Tipan)
2 Nephi 31–32 (Aklat ni Mormon, mga pahina 160–64)

**Ano ang Espiritu Santo?**
**Paano mapagpapala ng Espiritu Santo ang inyong buhay?**
2 Nephi 32:5 (Aklat ni Mormon, pahina 164)
3 Nephi 27:20 (Aklat ni Mormon, pahina 670)

**Ano ang layunin ng sakrament?**
3 Nephi 18:1–12 (Aklat ni Mormon, mga pahina 645–46)
Moroni 4–5 (Aklat ni Mormon, mga pahina 758–59)

**Ano ang ibig sabihin ng magtiis hanggang wakas?**
2 Nephi 31:15–20 (Aklat ni Mormon, mga pahina 162–63)
3 Nephi 15:9 (Aklat ni Mormon, pahina 639)

# Magsimba Tayo

## Halina't Tingnan Kung Paano Mapagpapala ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo ang Inyong Buhay



Ang sakrament miting ang pinakamahalagang bahagi ng simba. Karaniwan itong tumatagal nang mahigit isang oras at binubuo ng sumusunod:

*Mga himno:* Kinakanta ng kongregasyon. (May nakalaan na mga himnaryo.)

*Mga panalangin:* Ibinibigay ng mga lokal na miyembro ng Simbahan.

*Ang sakrament:* Binabasbasan ang tinapay at tubig at ipinapasa sa kongregasyon bilang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

*Mga tagapagsalita:* Karaniwan ay isa o dalawang miyembro ng kongregasyon na itinakdang magsalita tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo.

*Pananamit:* Ang mga lalaki ay karaniwang nakasuot ng maayos na pantalon at malinis na polo at kurbata. Ang mga babae ay nagsusuot ng bestida o palda't blusa.

Hindi nanghihingi ng mga donasyon sa oras ng pagsamba.

Iniimbita din namin kayong dumalo sa iba pang mga miting, ayon sa inyong mga interes at batay sa inyong edad. Maaaring maiba ang pagkakasunud-sunod at pagdaraos ng mga miting na ito.

*Sunday School:* Mga klase sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at doktrina ng ebanghelyo.

*Mga miting ng priesthood:* Mga klase para sa mga lalaking edad 12 pataas.

*Relief Society:* Mga klase para sa mga babaeng edad 18 pataas.

*Young Women:* Mga klase para sa mga babaeng edad 12 hanggang 18.

*Primary:* Grupo at mga klase para sa mga batang edad 3 hanggang 11. Madalas ay mayroong nursery para sa mga batang edad 18 buwan hanggang 3 taon.




Oras ng sakrament miting: ______________________________

Address ng kapilya: ______________________________

______________________________

# *Ano ang Dapat Kong Gawin?*




- *Basahin ang Aklat ni Mormon. Mga mungkahing babasahin:* ____________________

  ________________________________________

  ________________________________________

- *Magdasal para malaman na si Jesucristo ang iyong Tagapagligtas.*
- *Magsisi at manalangin para sa kapatawan ng iyong mga kasalanan. Sikaping mamuhay ayon sa mga utos ng Diyos.*
- *Magsimba.*
- *Maghandang magpabinyag sa* ____________________
- *Bisitahin ang www.mormon.org para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo.*
- *Patuloy na makipagkita sa mga misyonero para madagdagan ang kaalaman tungkol sa mga katotohanang ibinalik ng Diyos sa pamamagitan ng mga makabagong propeta.*

  *Susunod na pakikipagkita:* ____________________

  *Mga pangalan at numero ng telepono ng mga misyonero:*

  ________________________________________

  ________________________________________

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

**www.mormon.org**

**Mga Image Credit**
Pabalat sa harapan: Detalye mula sa *Tubig ng Buhay*, ni Simon Dewey. © Simon Dewey. Bawal kopyahin
Pahina 2: Detalye mula sa *Sermon sa Bundok*, ni Carl Heinrich Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerød, Denmark
Pahina 5: *Binubuhay ni Cristo ang Anak na Dalaga ni Jairus*, ni Greg K. Olsen. © Greg K. Olsen
Pahina 6: *Ang Magiliw na Tagapagpagaling*, ni Greg K. Olsen. © Conceptions Unlimited Investments, Inc. Bawal kopyahin
Pahina 9: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus*, ni Greg K. Olsen. © Greg K. Olsen. Bawal kopyahin

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. Pagsang-ayon sa Ingles: 11/05. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 11/05. Pagsasalin ng *The Gospel of Jesus Christ*. Tagalog

TAGALOG
4 02011 58893 3
01158 893